# Pagboto sa Ontario

Ang iyong gabay sa pagboto sa mga halalan sa probinsya at munisipyo

Elections Ontario

# Pagboto sa Ontario

Maging aktibong bahagi sa paghubog sa kinabukasan ng Ontario.

## Paano gumagana ang isang halalan sa probinsya?

- Nagsisimula ang isang halalan sa probinsya kapag ang Premier ng Ontario ay nagpasyang tumawag ng isang halalan.
- Pipirmahan ng Tenyente Gobernador ang (mga) kautusan [writ] ng halalan, na opisyal na nagmamarka sa pagsisimula ng halalan.
- Ang Ontario ay nahahati sa 124 na mga distrito ng halalan. Ang mga kandidato sa bawat distrito ng halalan ay magpaparehistro upang mapasama sa balota at magsimulang mangampanya.
- Pagkatapos ay boboto ang mga botante para sa lokal na kandidato na kanilang napili sa kanilang distrito ng halalan. Ang kandidato na may pinakamaraming boto ay nagiging Miyembro ng Parlyamento ng Probinsya (MPP) para sa kanilang distrito ng halalan.
- Ang partidong pampulitika na may pinakamaraming bilang ng mga nahalal na MPP ay karaniwang bumubuo ng bagong pamahalaang pamprobinsya.
- Ang mga MPP ay nagpupulong sa Lehislatibong Pagpupulong ng Ontario upang magpasa ng batas na namamahala sa probinsya.

## Sino ang maaaring bumoto sa isang halalan ng probinsya?

Upang bumoto sa isang halalan sa Ontario, ikaw ay dapat:

- 18+ — 18 taong gulang sa araw ng halalan;
- isang mamamayan ng Canada; at
- isang residente ng Ontario.

## Ikaw ba ay nakarehistro para bumoto?

**Oo** - Kapag isang halalan sa probinsya ay tinawag, makakatanggap ka ng isang kard ng impormasyon ng botante sa koreo, na nagsasabi sa iyo kung kailan at saan boboto.

**Hindi** - Maaring mo ipagbago o idagdag ang iyong impormasyon ng botante:

- online sa **RegisterToVoteON.ca**;
- nang personal sa iyong lokal na opisina ng halalan; o
- nang personal kapag bumoto ka.

Kakailanganin mo ng isang pirasong ID na nagpapakita ng iyong pangalan at tirahan sa Ontario. Maghanap ng mga halimbawa ng tinatanggap sa **RegisterToVoteON.ca/IDtoregister**.

## Ano ang mga paraan para makaboto ka?

Maaari kang bumoto:

- sa pamamagitan ng koreo
- nang personal sa iyong okal na opisina ng halalan
- nang personal sa isang paunang botohan
- nang personal sa araw ng halalan
- gamit ang isang teknolohiyang pantulong sa pamboto (assistive voting technology) sa iyong lokal na opisina ng halalan

## Paano bumoto nang personal

- Bumisita sa isang paunang botohan, sa iyong lokal na opisina ng halalan, o sa iyong tinalagang lokasyon ng pagboto sa araw ng halalan.
- Ipakita ang iyong ID sa isang opisyal ng botohan upang makatanggap ng iyong balota.
- Pumunta sa likod ng isang screen ng pagboto at maglagay ng iyong X sa balota, pumipili lamang ng isang kandidato.
- Ibalik ang iyong namarkahang balota sa opisyal ng botohan upang ilagay sa kahon ng balota o tabulator.
- Binabati kita! Matagumpay kang nakaboto!

## Pagboto sa mga halalan sa munisipyo

Kabilang sa mga halalan sa munisipyo sa Ontario ang mga halalan para sa mga miyembro ng konseho ng munisipyo, mga miyembro ng lupon sa pamamahala ng mga panlipunang serbisyo sa distrito [district social services administration board (DSSAB)], at mga tagapangasiwa ng lupon ng paaralan [trustee school board].

Pinapanatili ng Elections Ontario ang listahan ng mga botante, na nagbibigay-daan sa iyo na mapasama sa listahan ng mga botante para sa parehong halalan sa probinsya at munisipyo sa Ontario.

Bisitahin ang **RegisterToVoteON.ca** upang tingnan, ipagbago, o idagdag ang iyong impormasyon.

## Paano kung ako ay wala pang 18 taong gulang?

- Kung ikaw ay 16 o 17 taong gulang, isang mamamayan ng Canada at isang residente ng Ontario, maaari mong idagdag ang iyong sarili sa **Ontario Register of Future Voters**.
- Kapag ikaw ay naging 18 taong gulang, awtomatiko kang idadagdag sa listahan ng mga botante.

**Magpatala sa listahan ng mga botante ngayon upang maging handa sa pagboto.**

**elections.on.ca**

Bisitahin ang **elections.on.ca** para sa karagdagang impormasyon.

**elections.on.ca**
info@elections.on.ca
1.888.668.8683 | **TTY** 1.888.292.2312

@electionsON | @electionsONfr

Elections Ontario